## Impormasyon para sa mga biktima

Ang Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima ng California – Batas ni Marsy – ay nagbibigay sa inyo ng mahahalagang karapatang ito ayon sa batas:

### Tumanggap ng pera para sa nawala sa iyo

Mag-aplay para sa pera para sa mga nawalang ari-arian mo, mga gastos na medikal, nawalang suweldo, at ibang mga nawala.

### Sabihin kung paano nakaapekto sa iyo ang krimen

Sabihin sa hukuman kung paano nakaapekto sa iyong buhay ang krimen bago nasentensiyahan ang nasasakdal.

### Kumuha ng impormasyon tungkol sa kasong kriminal

Hingin sa tagausig ang partikular na impormasyon tungkol sa kaso.

### Kumuha ng mga utos mula sa hukuman

Ang hukuman ay makakagawa ng mga utos na makakatulong sa iyo, tulad ng isang **utos na nagpoprotekta** upang panatilihing malayo sa iyo ang nasasakdal o isang **utos upang bayaran ang mga bayad sa abugado** kung kumuha ka ng abugado upang tumulong sa iyong kaso.

Ang hukuman ay maaari ring mag-utos sa nasasakdal na magbayad sa iyo ng $25,000 o higit para sa paglabag sa iyong mga karapatang sibil. (Makipag-usap sa isang abugado tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Batas na Ralph at Batas na Bane.)

## Saan makakahanap ng tulong

- Yunit ng mga Serbisyo sa mga Biktima ng Pangkalahatang Abugado ng California (California Attorney General's Victims' Services Unit)
  (877) 433-9069
  TTY: (800) 735-2929
  www.oag.ca.gov/victimservices
- Kagawaran ng Patas na Pagpapatrabaho at Pabahay (California Department of Fair Employment and Housing)
  (800) 884-1684
  TTY: (800) 700-2320
  www.dfeh.ca.gov
- Lupon sa Kabayaran sa Biktima ng California (California Victim Compensation Board)
  (800) 777-9229
  www.vcgcb.ca.gov
  - Hanapin ang Iyong Lokal na Opisina ng Abugado ng Distrito, Sentro ng Tulong sa Biktima/Testigo
    www.vcgcb.ca.gov/victims/localhelp.aspx
- Kagawaran ng Hustisya ng U.S. (U.S. Department of Justice), Mga Serbisyo sa mga Relasyon sa Komunidad (Community Relations Services)
  (202) 305-2935
  www.justice.gov/crs


Para sa karagdagang impormasyon, o tulong sa mga tanong o inaalala, kontakin ang:

**Yunit ng mga Serbisyo sa mga Biktima ng Opisina ng Pangkalahatang Abugado ng California (California Attorney General's Office Victims' Services Unit)**
P.O. Box 944255
Sacramento, CA 94244-2550
(877) 433-9069
www.oag.ca.gov/victimservices

Funded by the U.S. Dept. of Justice,
Victims of Crime Act, 2017-VA-GX-0084

B13–9119 – 10/2018 Tagalog

# Mga Krimen ng Pagkamuhi



## Ang Kailangan Ninyong Malaman upang Protektahan ang Sarili at Ibang mga Tao

Yunit ng mga Serbisyo sa mga Biktima ng Opisin ng Pangkalahatang Abugado ng California

*Sa California, maaari kang maging biktima ng isang krimen ng pagkamuhi kung ikaw ay inaasinta dahil sa iyong:*

- » *lahi o etnisidad,*
- » *nasyonalidad, relihiyon,*
- » *kasarian, oryentasyong sekswal,*
- » *kapansanan ng katawan o isipan, o*
- » *pagkakaugnay mo sa isang tao o grupo na may isa o higit nitong mga "tunay" o "nadaramang" katangian.*

## *Krimen* ng pagkamuhi o *insidente* ng pagkamuhi?

Mahalagang malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng *krimen* ng pagkamuhi at *insidente* ng pagkamuhi.

Ang isang **insidente ng pagkamuhi** ay isang aksyon o asal na itinutulak ng pagkamuhi pero legal na pinoprotektahan ng Unang Susog na karapatan sa kalayaan sa pagpapahayag.

Sa mga halimbawa ng mga insidente ng pagkamuhi ay kabilang ang:

- pagtawag ng nakasasakit na pangalan,
- mga insulto,
- pamamahagi ng materyal ng pagkamuhi sa mga pampublikong lugar, at
- pagpapakita ng materyal ng pagkamuhi sa iyong sariling ari-arian.

Ang Saligang-batas ng U.S. ay nagpapahintulot ng pagsasalita ng pagkamuhi hanggang hindi ito nakagagambala sa mga karapatang-sibil ng ibang mga tao. Kung ang isang insidente ng pagkamuhi ay magsimulang magbanta sa isang tao o ari-arian, ito ay maaaring maging isang **krimen ng pagkamuhi**.

Ang isang **krimen ng pagkamuhi** ay isang krimen laban sa isang tao, grupo, o ari-arian na ibinubunsod ng tunay o nadaramang protektadong grupong panlipunan ng biktima. Ang batas ay nagpoprotekta laban sa maraming uri ng mga krimen ng pagkamuhi.

## Ang dapat gawin kung nakasaksi ka ng isang krimen ng pagkamuhi

Iulat ang krimen sa iyong lokal na kagawaran ng pulisya o syerip. Kung ang mga krimen ng pagkamuhi ay hindi iniuulat, ang mga krimen ng pagkamuhi ay maaaring magpatuloy.

## Paano matutukoy ang isang krimen ng pagkamuhi

Narito ang ilang palatandaan ng isang posibleng krimen ng pagkamuhi:

- Pinili ng kriminal ang biktima o ari-arian dahil ang mga ito ay kabilang sa o pag-aari ng isang protektadong grupo, tulad ng isang partikular na relihiyon o kasarian.
- Ang kriminal ay gumawa ng nakasulat o pabigkas na mga komento na nagpapakita ng prejudice.
- Ang krimen ay nangyari sa isang petsa na mahalaga sa protektadong grupo ng biktima.
- Maraming organisadong aktibidad ng pagkamuhi sa lugar.

*"Kapag ang isang tao ay nakagawa ng isang krimen na ibinunsod ng pagkamuhi, ito ay hindi lamang isang atake sa isang inosenteng tao, kundi isang atake sa buong Estado."*

*Xavier Becerra*
*Pangkalahatang Abugado ng California*

## Kung ikaw ay isang biktima ng krimen ng pagkamuhi, ikaw ay dapat na:

- Makipag-ugnayan agad sa lokal na pulis o syerip!
- Kumuha ng atensiyong medikal (kung kailangan mo ito).
- Isulat ang mga eksaktong salita na sinabi.
- Gumawa ng mga tala tungkol sa anumang ibang mga bagay upang hindi malimutan ang mga ito.
- Ingatan ang lahat ng ebidensiya (halimbawa, grapiti, mga balat ng itlog, isinulat sa sasakyan ng biktima). Kung ligtas, maghintay hanggang dumating ang mga tagapagpatupad ng batas at kumuha ng mga litrato.
- Kunin ang mga pangalan, tirahan, numero ng telepono, at mga email ng ibang mga biktima at testigo.
- Sikaping kumuha mula sa sinumang testigo ng paglalarawan ng kriminal o ng sasakyan.
- Tawagan ang mga organisasyong pangkomunidad sa iyong lugar na tumutugon sa mga krimen ng pagkamuhi.

## Ang magagawa mo at ng iyong komunidad

- Magsalita laban sa pagkamuhi at intoleransiya.
- Magsagawa ng mga rali ng komunidad upang suportahan ang mga biktima.
- Mag-alay ng suporta at tulong sa mga biktima.
- Hingin sa mga pampublikong opisyal na magsalita laban sa mga krimen ng pagkamuhi.
- Magtatag ng isang ugnayan ng krimen ng pagkamuhi na kabilang ang pagpapatupad ng batas, lokal na pamahalaan, paaralan, organisasyong panrelihiyon at organisasyong pangkomunidad. Patugunin sila agad sa mga krimen ng pagkamuhi kapag nangyari ang mga ito at ituguyod ang pagpigil at kamalayan.